

Pangagasiwa sa Ating mga Basura



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



ACKNOWLEDGEMENT

This workbook is made possible by the generous support of the American people through the United States Agency for International Development (USAID). The contents are the responsibility of WWF, CI, and TNC, and do not necessarily reflect the views of USAID or the United States Government.

USAID supports the Coral Triangle Support Partnership (CTSP) as part of the United States Government's commitment to promote the sustainable management of the marine and coastal resources in the Coral Triangle. In cooperation with the national governments of the Coral Triangle and the international community, this five-year program provides technical assistance and builds capacity to address critical issues including food security, climate change, and marine biological diversity.

The CTSP is a consortium led by WWF, The Nature Conservancy and Conservation International.



Ang aklat na ito ay inilimbag ng WWF-Philippines para sa proyekto ng Coral Triangle Support Partnership sa tulong ng USAID.




Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama ang mga karapatan sa reproduksiyon, at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Karapatang-ari © 2013 ng CTSP at USAID.


Isinulat nina Maye R. Padilla at Isobel D. Resurreccion
Iginuhit ni Frances Alvarez



**BAWAL MAGTAPON
NG BASURA DITO**



IWASAN ANG SAKIT



LINISIN ANG PALIGID



**BAWASAN
ANG KALAT**

COMPOST

Ang salitang “compost” ay maaring tumukoy sa pagbabago ng anyo ng mga nabubulok na bagay upang maging pataba sa lupa. Maari rin itong tumukoy sa organic na produkto na nakukuha natin mula sa mga nabubulok na mga basura. Ang pag-compost ay isa ring paraan upang mabawasan natin ang ating mga basura. Ang bucket composting ang isa sa mga pinakasimpleng paraan upang ito ay simulan. Kumuha lamang ng lumang balde at lagyan ng lupa. Ihalo rin ang mga natirang pagkain, mga balat ng prutas o mga pinagtabasan ng gulay. Maari rin lagyan ng mga bulate upang mapabilis ang proseso. Ang makukuhang pataba sa lupa mula sa iyong food bucket ay maaring gamitin sa pagtatanim ng mga halaman sa iyong hardin.



Ano ang kaugnayan ng basura at ng pagbabago ng klima?

Bagamat hindi kapansin-pansin, malaki ang naidudulot ng basura sa mabilisang pagbabago ng ating klima. Ang mga bagay na ginagamit natin araw-araw, at ang mga produktong ating binibili ay nakadaragdag sa basura at sa pagdami ng mga greenhouse gases (GHG) sa ating atmospera. Ang methane ay isang greenhouse gas na nagmumula sa mga nabubulok na bagay. Isa pang halimbawa ng greenhouse gas ay ang carbon dioxide, na nagmumula naman sa pagsusunog ng mga fossil fuels na ginagamit sa paggawa ng kuryente at gasolina.

Kapag dumadami ang basura, dumadami rin ang mga greenhouse gases sa ating atmospera. Ang pagkapal ng mga greenhouse gases sa atmospera ay nagiging dahilan upang hindi makasingaw ang rabaw init palabas sa kalawakan. Sa halip, ito ay nananatili at nagdudulot ng pagtaas ng temperatura ng mundo, o ang tinatawag na pandaigdigang pag-init (global warming). Ang patuloy na pag-init ay maari namang maging dahilan sa pagkakaroon ng matitindi at madalas na pagbabago ng lagay ng panahon, na maari namang magdala ng masasamang epekto sa ating kalusugan, pagkain at tirahan.

Paano mo mababawasan ang iyong basura?

Pag-aralan natin ang 3Rs o ang **Reduce, Reuse at Recycle!**



REDUCE


Ang salitang **reduce** ay isang pandiwa o salitang-kilos na tumutukoy sa gawain ng pagbawas sa bilang ng isang bagay.

Ang pag-reduce o pagbawas ay ang unang hakbang sa pamamahala sa ating basura. Kapag mabawasan natin ang basura sa ating mga tahanan, mababawasan rin ang basurang napupunta sa ating mga tambakan o landfill.



Narito ang ilang mga bagay na maari nating i-reduce o bawasan:

- **Huwag nang kumain ng chewing gum.** Halos lahat ng mga chewing gum ay gumagamit ng polyisobutylene, isang goma na sintetiko. Ito rin ang sangkap na ginagamit sa paggawa ng mga gulong na goma. Kaya sa halip na kumain ng chewing gum, kumain na lamang ng mga prutas at gulay.
- **Iwasan ang paggamit ng mga PET na bote.** Ang paulit-ulit na paggamit ng ganitong klaseng mga bote ay maaring maglabas ng mga kemikal o toxins na humahalo sa ating mga inumin at maaring makaapekto sa ating kalusugan. Gumamit na lamang ng baso o tasa!
- **Bawasan ang paggamit ng papel.** Sa bawat isang toneladang papel, 17 na malalaking puno ang kinakailangan putulin, kaya gamitin ng wasto ang papel.
- **Bawasan na rin ang pagbili ng mga bagay na hindi naman natin kinakailangan.** Ang pagbili ng mas maraming mga gamit ay nangangahulugan rin ng pagkakaroon ng mas maraming naiipong basura.




Narito ang ilang mga bagay na maari nating i-recycle:

Bumili ng mga produkto na yari sa mga niresiklong mga gamit, tulad ng papel.

Subukan ang pag-recycle ng papel sa inyong tahanan!

- a. Kumuha ng ilang pirasong luma o gamit na mga papel.
- b. Gupitin o punitin ang mga ito ng maliliit na piraso
- c. Ilagay ang pira-pirasong papel sa isang balde na may tubig at ibabad ito ng isang oras o higit pa.
- d. Salain ito upang makabuo ng hugis ng papel
- e. Patuyuin ang papel
- f. Kapag ito ay tuyo na, maari itong alisin mula sa pansala. Mayroon ka ng bagong piraso ng papel!



RECYCLE

Ang salitang “recycle” ay tumutukoy sa paglikha ng mga bagong bagay na gamit ang mga sangkap na nakukuha mula sa pagproseso ng mga lumang bagay. Ang mga lumang produkto ay dumadaan sa proseso upang magkaroon ng bagong anyo.

Ang “recycle” ay ang huling hakbang sa ating 3Rs. Sa halip na itapon ang mga bagay, maari rin itong ipunin at ibenta sa mga junk shop o sa mga recycling center. Sa ganitong mga pasilidad, ang mga ire-recycle ay dumadaan sa iba’t-ibang mga proseso upang makagawa ng mga bagong bagay. Sa pamamagitan ng pag-recycle, naiiwasan rin ang pagmina o pagkuha ng mga sangkap mula sa ating mga likas na yaman.



Irerecycle ko ang mga lumang dyaryo upang makagawa ng bagong papel

Reduce, Reuse, o Recycle?



PET or PETE (Polyethylene Terephthalate)

- PET bottles
- Dapat bawasan ang gamit o *i-reduce*



HDPE (High Density Polyethylene)

- trash bags
- Maaaring gamitin muli o *i-reuse*




PVC (Polyvinyl Chloride)

- detergent bottles
- Maaaring gamitin muli o *i-reuse*




LDPE (Low Density Polyethylene)

- food covers
- Maaaring gamitin muli o *i-reuse*



PP (Polypropylene)

- **microwavable** food containers
- Maaaring gamitin muli o *i-reuse*



6. PS (Polystyrene)

- food containers
- Dapat bawasan ang gamit o *i-reduce*



OTHER (Polycarbonate)

- Maaaring gamitin muli o *i-reuse* ngunit dapat eto ay may markang *BPA-free*

REUSE

Ang **reuse** ay tumutukoy naman sa paggamit muli ng isang bagay.


Ang pag-reuse ang pangalawang hakbang sa pamamahala ng ating mga basura. Sa paggamit muli ng mga lumang bagay, nababawasan natin ang mga basurang napupunta sa tambakan at nababawasan rin natin ang pagbili ng mga bagong gamit. Marami sa mga lumang bagay sa ating bahay ay maari nating gamitin sa paglikha ng mga bagong bagay.




Gagamitin ko muli ang papel sa pamamagitan ng pagsulat sa likod nito.

Narito ang ilang mga bagay na maari nating i-reuse o bawasan:

- Ang lumang lata ay maaring gawing paso para sa mga halaman.
- Ang mga lumang damit na napagkaliitan na ay maaring ipamana sa mga nakababatang kapatid.
- Ang mga bote ng juice o softdrinks ay maaring gawing kandelabra.



Ilang halimbawa kung papaano magagamit muli ang karton.




Gawing lalagyan ng mga bagay katulad ng bote kaysa ilagay sa plastic bag.




Gawin itong isang malaking plaka o gupitin at sulatan ng iyong mga mensahe.



Lagyan ng iba't ibang kulay at gawing maskara.



Gawing kahon para sa ibibigay mong regalo.



Gamitin sa proyekto sa paaralan.